Oktubre 2023

APIAHF
ASIAN & PACIFIC ISLANDER AMERICAN HEALTH FORUM

# Mga Kadalasang Tanong sa Bridge Access na Programa ng CDC

Pagkuha sa mga COVID- 19 bakuna para sa mga walang insurance o walang sapat na insurance

### Ano ang Bridge Access na Programa?

Ang programang ito ay naglalaan ng mga LIBRENG COVID-19 bakuna para sa mga taong edad na 18 at pataas, na walang insurance o ang insurance ay hindi sapat para sa lahat ng gastusin para sa COVID-19 bakuna.



### Paano naman ang mga batang walang insurance o mga batang walang sapat na insurance?

Miyembro ng tribo na kinikilala ng gobyerno ay saklaw ng programang Vaccines for Children (VFC)



### Paano magpapatala ang isang pasyente sa programang ito?

***Walang paraan or proseso sa pagpapatala*** sa mga nasa gulang o mayor-de- edad para makakuha ng mga walang-bayad na COVID-19 bakuna sa programang ito.


Sila ay tatanungin ng mga providers kung mayroon silang health insurance upang tiyakin na sila ay maaring makakuha ng bakuna.



### Saan ako makakakuha ng walang bayad na bakuna ng COVID-19 sa pamamagitan ng programang ito?

Makakatanggap ka ng mga walang bayad na bakuna sa COVID-19 sa pamamagitan ng programang ito sa mga kalahok na local health provider, health center, at mga botika.

Bisitahin ang www.vaccines.gov upang makahanap ng mga lokasyon!



### Gaanong katagal maaaring makakuha ng walang bayad na COVID-19 bakuna sa programang ito?

Magbibigay ang Bridge Access na programa ng mga walang bayad na bakuna sa COVID-19 hanggang Disyembre 31, 2024.

Para mabasa ang iba pa, bisitahin ang www.CDC.gov/vaccines/programs/bridge.



This publication was made possible by cooperative agreement CDC-RFA-IP21-2106 from the Centers for Disease Control and Prevention (CDC) of the U.S. Department of Health and Human Services (HHS). Its contents are solely the responsibility of the authors and do not represent the official views of CDC/HHS.